## APPLICATION

- Naintindihan mo ba at naranasan ang pag-ibig ni Kristo para sa iyo? Kung hindi, gusto mo bang mangyari ito ngayon?
- Nakikita ba sa buhay mo ang palatandaan ng pag-ibig ng Diyos? Ano ang isang bagay na alam mong dapat mong simulang baguhin ngayong linggo?
- May kakilala ka bang tila ay mahirap mahalin, ngunit alam mong gusto ng Diyos na abutin mo? Papaano mo kaya maipapakita sa kanya ang pagmamahal ng Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang pag-ibig na walang kundisyon at hindi pumapalya para sa iyo. Manalangin na palagi mo itong mapagpahalagahan.
- Hilingin sa Diyos na tulungan ka Niyang mahalin ang kapwa tulad ng naranasan mo sa Kanyang pag-ibig. Itaas mo sa Kanya sa panalangin lalung-lalo na yung mga mahirap mahalin at maghayag ng pagpapala sa inyong ugnayan.
- Manalangin na ang iyong buhay ay magkaroon ng tanda ng pag-ibig ni Kristo at makapaghatid ng maraming tao sa Kanya. Manalangin na ikaw ay maging mapagmahal, mapagbigay-loob, mabait, maawain, mapagbigay, mapagpakumbaba, at maging madali sa iyo ang magpatawad ng kapwa.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory®
is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 3**

# Namumuhay sa Pag-ibig

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang pinakamapagmahal na kilos ang nagawa mo para sa isang tao ngayong linggo?
- Papaano mo nadarama na ikaw ay mahal na mahal? Kailan naman yung parang hindi mo ito nadarama? Balikan ang isang natatanging pangyayari at ipaliwanag ito.
- Bakit sa palagay mo mahirap ang magmahal ng tao?

**WORD**

*Mga minamahal, mag-ibigan tayo dahil ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang umiibig sa kanyang kapwa ay anak ng Diyos at kumikilala sa Diyos.* **1 JUAN 4:7**

---

Taliwas sa tanyag at kultural na paniniwala tungkol sa pag-ibig na ito ay ayon lamang sa isang damdamin na basta na lamang lumilipas, sinasabi ng Bibliya na ang pag-ibig ay galing sa Diyos at hindi nakasalalay sa nadarama lamang. Dahil naranasan natin ang pag-ibig na ito galing sa Diyos, kaya natin at nararapat lamang na mahalin natin ang ating kapwa. At ang pag-ibig na ito ay naipapahiwatig sa pamamagitan ng ating mga kilos at pamumuhay. Sa aralin na ito, siyasatin pa natin ang mga katotohanang ito.

## 1 Pinag-uutos ni Kristo sa atin na mahalin natin ang bawat isa.

*Ito ang aral na narinig ninyo nang sumampalataya kayo: Dapat tayong magmahalan.* **1 JUAN 3:11**

*[34]"Kaya isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo: Magmahalan kayo. Kung paano ko kayo minimahal, ganoon din dapat ang pagmamahal n'yo sa isa't isa. [35]Kung nagmamahalan kayo, malalaman ng lahat ng tao na mga tagasunod ko kayo."*
**JUAN 13:34,35**

Pinag-utos ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na mahalin nila ang bawat isa, at ang pagmamahal na ito ang palatandaan para sa iba upang malaman kung sino ang Kanyang mga tagasunod. Ito ay isang kautusan, hindi isang mungkahi lamang o magandang ideya na gustong ihagis ni Jesus sa atin. Kung tunay Niya tayong mga tagasunod at ibinigay Niya ang kautusan na ito, ano ang nararapat na katugunan?

## 2 Mahalin natin ang bawat isa dahil minahal tayo ni Kristo.

*Sa ganitong paraan natin nalalaman ang tunay na pag-ibig: ibinigay ni Jesu-Kristo ang kanyang buhay para sa atin. Kaya dapat din nating ialay ang ating buhay para sa ating mga kapatid.* **1 JUAN 3:16**

Hindi lamang binigay ni Jesus ang utos na mahalin natin ang ating kapwa—ipinakita Niya ito sa atin sa krus sa pag-alay Niya ng Kanyang buhay para sa atin. Kung tunay nating naranasan at naintindihan ang pag-ibig na ito, maipapakita din natin ito ngayon sa iba. Bakit ang pag-aalay ni Jesus ang pinakahigit na pagpapakita ng tunay na pag-ibig? Ano ang ibig sabihin ng pag-alay natin ng buhay para sa ating mga kapatid?

## 3 Naipapahayag natin ang pag-ibig ni Kristo sa gawa at katotohanan.

*[17]Kung mayroon man sa atin ang nasa mabuting pamumuhay at nakikita ang isang kapatid na nangangailangan ngunit hindi naman niya ito tinutulungan, masasabi ba natin na sumasakanya ang pag-ibig ng Diyos? [18]Mga anak, huwag tayong magmahalan sa salita lang, kundi ipakita natin sa gawa na tunay tayong nagmamahalan.*
**1 JUAN 3:17,18**

Ang makita lamang at pag-usapan ang mga pangangailangan ng kapwa ay hindi talaga nakakatulong. Ang tunay na nakakatulong ay ang pagtugon sa pangangailangan ayon sa kilos at katotohanan. Tulad ng sinabi ni Apostol Juan, ang paghahayag ng pag-ibig ng Diyos ay dapat maipakita ng higit pa sa salita kundi sa gawa. Ang pag-ibig sa gawa at katotohanan ay kalakip ang kagandahang-loob, pakikiramay, pagkamapagbigay, kababaang-loob, at pagpapatawad. Balikan ang panahong na may nagpakita sa iyo ng ganitong pagmamahal, bilang pagsasalarawan ng pag-ibig ni Kristo.